

Hika na Nakukuha sa Mga Kemikal sa Pool at Trabaho

Impormasyon para sa Mga Manggagawa



Ang mga kemikal ng pool ay pinoprotektahan ang mga lumalangoy mula sa mga mikrobyo, ngunit ang paglanghap ng mga kemikal ng pool ay maaaring magdulot ng hika o gawin itong malala. Kahit ang mga taong hindi kailanman nagkaroon ng hika dati ay maaaring magkaroon nito sa pamamagitan ng paglanghap ng mga kemikal na ito.

Ang mga halimbawa ng mga kemikal ng pool na maaaring magdulot ng hika ay bleach (sodium hypochlorite), gas ng chlorine, at muriatic acid (hydrochloric acid). Ginagamit din ang mga kemikal na ito sa mga hot tub at mga water park. Maraming kemikal ang nabubuo kapag humahalo ang chlorine ng pool sa pawis, ihi at iba pang dumi ng mga lumalangoy. Kahit isa sa mga kemikal na ito, na trichloramine ay maaaring magdulot ng hika. Maaari ring magpasimula ng mga sintomas ng hika ang mga kemikal ng pool

sa mga taong may hika na. Maaari kang makakuha ng hika sa pamamagitan ng:

- Paglanghap ng mga kemikal na natapon o hindi sinasadyang inilabas
- Paglanghap sa mga gas na ito na nabubuo kapag maling mga kemikal ang hinalo
- Paglanghap sa mga singaw ng kemikal sa mga lugar ng pool na walang gaanong bentilasyon

Ano ang hika?

Ang hika ay isang sakit sa baga. Ang mga taong may hika ay nagkakaroon minsan ng kahirapan sa paghinga. Ang mga ito ay maaaring magkaroon ng humuhuning paghinga, paninikip ng dibdib, kapos na paghinga at ubo. Mahalagang iwasang magkaroon ng hika dahil maaari itong magtagal nang habang-buhay.

Kailan nagiging nakukuha sa trabaho ang hika?

Ang hika ay itinuturing na nakukuha sa trabaho kapag ito ay dulot o pinalala ng isang bagay sa trabaho. Maaari kang magkakakuha ng mga sintomas ng hika pagkatapos mo kaagad na malanghap ang isang substansiya o maaari kang makaramdam ng mga sintomas ilang oras pagkatapos umalis ng trabaho. Maaari kang makakuha kaagad ng hika sa trabaho mula sa mga kemikal na nasa paligid

Ulat ng Pangyayari — Ang isang malaking pagkakarantad ay maaaring humantong sa panghabang-buhay na hika

Naglalagay ng muriatic acid ang isang manggagawa para sa pagpapanatili sa isang batch ng tubig para sa swimming pool nang nabuo ang isang ulap ng dilaw na gas. Naamoy niya ang gas at kaagad na nagkaroon ng kahirapan sa paghinga. Nagsimula siyang umubo at huminga nang humuhuni. Dinala siya sa ospital at sinabihang nagkaroon siya ng hika. Siya ngayon ay mayroon nang palagi at napakasamang mga pag-atake ng hika at maraming beses nang naospital.

Ulat ng Pangyayari — Pinalalala ng hindi magandang daloy ng hangin sa may pool ang hika ng lifeguard

Ang isang lifeguard na may hika ay nalantad sa mga kemikal ng pool na nasa hangin sa isang panloob na pool. Isang araw noong hindi maganda ang daloy ng hangin sa may pool, inatake siya ng hika at kinailangang pumunta sa emergency room. Simula noon, kailangan na niyang gamitin ang kanyang gamot sa hika araw-araw. Bago mangyari ito, ginagamit lang niya ito paminsan-minsan.

Hika na nakukuha sa trabaho sa California

Ang Programa ng Pag-iwas sa Hika na Nakukuha sa Trabaho (Work-Related Asthma Prevention Program, WRAPP) ay tinutulungan ang mga manggagawa na iwasang magkaroon ng hika mula sa kanilang trabaho. Nalaman ng WRAPP na ang mga manggagawa sa maraming iba't ibang trabaho ay mayroong hika mula sa pagkakatantad sa mga kemikal ng pool. Kabilang sa mga trabahong ito ang lifeguard, guro sa paglangoy, manggagawa sa pagkukumpuni, tagabenta ng supply sa pool, dyanitor at iba pang nagtatrabaho sa pool.

Ano ang dapat kong gawin kung sa palagay kong mayroon akong hika na nakukuha sa trabaho?

Magpatingin sa isang doktor kung ikaw ay humihinga nang humuhuni, umuubo, mayroong paninikip ng dibdib, o nahihirapang huminga. Kung sa palagay mong mayroong isang bagay sa trabaho na nagdudulot ng iyong hika o nagpapalala nito, ipaalam sa iyong supervisor. Maaari kang ipadala ng iyong supervisor sa isang doktor na gumagamot ng mga problema sa kalusugan na nakukuha sa trabaho. Bago ka pumunta sa doktor, isulat ang mga pangalan ng mga produktong ginagamit sa trabaho. Kung magagawa mo, hingiin sa iyong supervisor ang mga impormasyon na kasama sa mga produktong kemikal, na tinatawag na Mga Data Sheet para sa Kaligtasan (Safety Data Sheets, SDS). Nakalista sa SDS kung ano ang produkto at kung paano nito maaaring maapektuhan ang kalusugan. Ipakita ang mga SDS na ito at ang fact sheet na ito sa doktor, at sabihin sa doktor kapag nagsimula kang magkaroon ng mga problema sa paghinga.

Paano iiwasan ang hika mula sa mga kemikal ng pool

Maaari kang protektahan ng mga mabuting kasanayan:

- Kung humahawak na ng mga kemikal, dapat sanayin ka ng iyong employer sa kung paano ligtas na gamitin ang mga ito, kabilang ang kung paano sundin ang label at gamitin ang kagamitang pamprotekta sa sarili (personal protective equipment, PPE), tulad ng mga goggles na pangkaligtasan, guwantes, bota at mga apron. Maaaring kailanganin mo ring gumamit ng respirator. Dapat magkaroon ka ng pagsasanay kahit na kinuha ka lang magtrabaho nang ilang linggo o buwan sa isang taon.
- Palaging sundin ang ligtas na mga kasanayan sa trabaho. Kung hindi ka sigurado sa dapat gawin, sabihin sa iyong supervisor na kailangan mo ng higit pang impormasyon at pagsasanay.
- **HUWAG** linisin ang mga natapon maliban na lang kung nagkaroon ka ng wastong pagsasanay at magsuot ng tamang PPE.
- **HUWAG KAILANMAN** paghaluin ang mga kemikal ng pool bago ilagay ang mga ito sa pool.
- Tulungang ipatupad ang mga tuntunin ng pool na nagpapanatiling ligtas sa tubig, tulad ng paghiling sa mga lumalangoy na maligo bago pumasok sa pool at pagtataguyod ng paggamit ng banyo bago ang mga lesson sa paglangoy.
- Dapat tiyakin ng iyong employer na may magandang daloy ng hangin ang panloob na pool, imbakan ng kemikal at silid kung nasaan ang pambomba.
- Dapat palaging suriin ng iyong lugar ng trabaho ang tubig para matiyak na gumagamit ng mga tamang dami ng mga kemikal ng pool at na walang naiipong mga nagpaparumi nito. Ang lugar ng pool ay wala dapat matapang na amoy ng chlorine.
- Ang iyong employer ay dapat magpanatili ng pinakamataas na daloy ng sariwang hangin (outdoor) sa mga panloob na pool at pagkatapos maidagdag ang mga "shock (proseso ng paglalagay ng kemikal sa pool)" na kemikal at dapat panatilihin wala ang mga manggagawa sa lugar.

Para sa higit pang impormasyon, tawagan ang Programa sa Pag-wika ng Hika na Nakukuha sa Trabaho sa California: 1-800-970-6680 (walang bayad sa mga tumatawag sa California) [o pumunta sa http://www.cdph.ca.gov/wrapp](http://www.cdph.ca.gov/wrapp). Serbisyo ng Komunikasyon ng California para sa May Kapansanan sa Pandinig o Pagsasalita: 711. Para makakuha ng kopya ng fact sheet na ito sa ibang format, pakitawagan ang (510) 620-5757. Maghintay nang kahit 10 araw.

Karagdagang Mapagkukunan

[Web page ng CDC sa Chloramines:](http://www.cdc.gov/healthywater/swimming/pools/irritants-indoor-pool-air-quality.html)

www.cdc.gov/healthywater/swimming/pools/irritants-indoor-pool-air-quality.html